



## Sekswal na Oryentasyon at Pagkakakilanlan ng Kasarian [Sexual Orientation and Gender Identity(SOGI)]

### Ano ang katotohanan?

---

Mayroong napakaraming mga maling impormasyon tungkol sa inklusibong edukasyon ng SOGI ang kumakalat. Nais naming magkaroon ka ng katotohanan sa isang lugar. Makakatulong ito sa mga magulang at mga miyembro ng komunidad na maunawaan kung ano ang katotohanan pagdating sa SOGI sa mga paaralan ng BC.

### Bakit ang SOGI?

Ang SOGI ay tungkol sa pagpigil sa pang-aapi at paggawa sa mga paaralan na maging isang mapagtanggap na lugar para sa lahat. Ito ay tungkol sa pagtanggap sa bawat isa para sa kung sino sila. Tayo ay nakatira sa isang bansa kung saan ang lahat ay maaaring mabuhay nang malaya maging anuman ang kanilang lahi, relihiyon, pagkakakilanlan ng kasarian, o oryentasyong sekswal. Ang SOGI ay tungkol sa pagbibigay sa mga guro ng mga kagamitan (tulad ng mga aklat at mga aktibidad) upang turuan ang mga bata na huwag mang-api sa iba para sa kung sino sila.

Alam namin na mas mahusay ang paggawa ng mga mag-aaral sa paaralan kapag nararamdaman nilang tinatanggap sila at parang kabilang sila sa kanilang komunidad sa paaralan. Kapag nakakaramdam ang mga mag-aaral na ligtas, mas malamang na pumasok sila sa paaralan araw-araw, upang isagawa ang kanilang pinakamahusay sa akademiko at sa pangkalahatan ay magkaroon ng pakiramdam ng kagalingan.

**Ang mga magulang at mga miyembro ng komunidad ay maaaring nakarinig ng ilang mga bagay tungkol sa SOGI na basta hindi totoo. Narito ang ilang mga karaniwang bagay na maaaring narinig mo kasama ang katotohanan.**

**Hindi Totoo:** Ang SOGI ay palihim na inilagay sa kurikulum sa mga nakalipas na ilang taon at ipinipilit ito sa mga bata.

### Ang totoo:

Ang SOGI ay isang hanay ng mga mapagkukunan na magagamit ng mga guro kapag tinuturuan nila ang mga bata na huwag mang-api ng mga mag-aaral dahil sa kanilang mga pagkakaiba. Ito ay narito at ginagamit sa mga paaralan mula noong 2016.

Ang mga inklusibong mapagkukunan ng SOGI ay isa sa maraming mga kagamitan na ginagamit ng mga guro upang gawing mapagtanggap ang mga silid-aralan na sumasalamin sa pagkakaiba-iba ng ating lalawigan, kabilang ang lahi, relihiyon, at oryentasyong sekswal o pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian.

Ang mga guro ay mayroon ding mga mapagkukunan ng panlaban sa kapootang panlahi na maaari din nilang gamitin bilang bahagi ng mga aralin laban sa pang-aapi.

**Hindi Totoo:** Hinihikayat at nililito ng inklusibong edukasyon ng SOGI ang mga bata sa pag-iisip na dapat nilang baguhin ang mga kasarian.

**Ang totoo:** Ang inklusibong edukasyon ng SOGI ay hindi hinihikayat ang anumang partikular na pagkakakilanlan o oryentasyon sa iba at idinisenyo upang lumikha ng isang ligtas at inklusibong kapaligiran para sa lahat ng mga mag-aaral, anuman ang kanilang sekswal na oryentasyon o pagkakakilanlan ng kasarian, o ang pagkakaiba-iba sa kanilang sariling mga pamilya.

Ang layunin ng isang inklusibong edukasyon ng SOGI ay upang ihinto ang diskriminasyon at pang-aapi sa pamamagitan ng pagtitiyak na ang mga mapagkukunan ng silid-aralan ay nagpapakita ng mga tao mula sa lahat ng uri ng mga pinagmulan at nagbibigay sa mga guro ng mga pagkakataon upang pag-usapan ang tungkol sa mga karanasan at mga paghamon na kinakaharap ng mga taong 2SLGBTQ+.

**Hindi Totoo:** Ang inklusibong edukasyon ng SOGI at mga aklat ay naglalaman ng pornograpiko at tahasang nilalaman.

**Ang totoo:** Walang pornograpiko o tahasang nilalaman sa kurikulum ng K-12 ng B.C. Ang lahat ng mga aklat sa mga silid-aralan o aklatan ay inaprubahan ng mga paaralan upang matiyak na ang lahat ng mga ito ay naaangkop sa edad.

Ang inklusibong edukasyon ng SOGI at mga mapagkukunan ay tumutugon sa mga paksa tulad ng iba 't ibang uri ng mga pamilya at personal na pagkakakilanlan, stereotype, pang-aapi at pagtawag ng mapanuyang pangalan.

**Hindi Totoo:** Ang inklusibong edukasyon ng SOGI ay nag-aalis ng karapatan para sa mga magulang na malaman kung ano ang itinuturo sa kanilang mga anak.

**Ang totoo:** Ang mga magulang ay laging may karapatang malaman kung ano ang itinuturo sa kanilang mga anak. Kung ang isang magulang ay may mga katanungan, dapat silang makipag-usap nang direkta sa guro upang malaman ang tungkol sa kung ano ang itinuturo. Ang inklusibong edukasyon ng SOGI ay sinadya upang suportahan ang sariling mga pagsisikap ng mga magulang na turuan ang mga halaga ng pagpapahintulot at paggalang, pati na rin



ang pagtanggap ng lahat ng tao. Hindi nito sinisira ang mga karapatan ng magulang ngunit sa halip ay nag-aambag sa mas malaking pag-unawa sa pagkakaiba-iba at pagsasama para sa lahat ng mga mag-aaral at mga pamilya.

**Hindi Totoo:** Ang inklusibong edukasyon ng SOGI ay kapareho ng edukasyon sa sekswal na kalusugan.

**Ang totoo:** Ang edukasyon sa sekswal na kalusugan ay itinaturo nang hiwalay at sumusunod sa mga espesipikong alituntunin. Ang kurikulum ng Pisikal at Pangkalusugang Edukasyon ay patuloy na sumasaklaw sa pagbibinata/pagdadalaga, kalusugan ng reprodiktibo, at sekswal na edukasyon pati na rin ang malusog at aktibong pamumuhay sa mga naaangkop sa edad na paraan. Palaging may opsyon ang mga magulang na magpasiya kung lalahok ang kanilang mga anak sa mga araling ito kung hindi sila komportable.

Ang mga mapagkukunan ng SOGI ay isang hanay ng mga kagamitan na magagamit ng mga guro upang matiyak na ang kanilang mga silid-aralan ay mapagtanggap at nag-uugat sa paggalang at pagiging kabilang.

**Kung mayroon kayong anumang mga katanungan tungkol sa edukasyon ng inyong anak, mangyaring makipag-usap sa kanilang guro o punong-guro sa paaralan. Pinahahalagahan at hinihikayat namin ang bukas na komunikasyon sa mga magulang at mga tagapag-alaga, at iginagalang namin ang papel na ginagampanan ng mga magulang at mga tagapag-alaga sa pagpapalaki ng kanilang mga anak, at bilang mga aktibong kalahok sa pag-aaral ng kanilang mag-aaral.**